
[16]Kung paano kayo uminom sa aking banal na bundok,
walang tigil ding iinom ang lahat ng bansa;
iinom sila nang iinom,
at magiging parang hindi pa umiiral.
[17]Ngunit magkakaroon ng mga matitira sa Bundok Sion,
– nakatalaga sila sa akin –
at babawiin ng bahay ni Jacob ang pamana nito.
[18]At saka magiging apoy ang bahay ni Jacob,
lagablab ang bahay ni Jose;
magiging dayami naman ang bahay ni Esau,
susunugin nila ito at tutupukin
at walang matitira sa lahi ni Esau,
sapagkat si Yawe ang nagsalita.
[19]Sasakupin ng mga taga-Negeb
ang mga bundok ng Esau,
ng mga tagakapatagan
ang lupain ng mga Pilisteo.
Sasakupin nila ang Efraim at Samaria,
at mapapakay-Benjamin ang Galaad.
[20]Magmamay-ari sa Kanaan hanggang Sarepta
ang mga Israelitang ipinatapon.
Ang mga ipinatapon namang taga-Jerusalem
na ngayo'y nasa Sefarad
ang magmamay-ari sa mga siyudad ng Negeb.
[21]Aahon na sa Bundok Sion ang mga tagapagligtas
upang maghari sa mga bundok ng Esau.
– Saka maghahari si Yawe.



# JONAS

Sa kasalukuyan nating panahon, kakaunti lamang ang nagkakamali tungkol sa uri ng aklat na ito at nagtatanong kung nabuhay nga bang talaga si Jonas, at kung tatlong araw nga siya sa tiyan ng isang isda.

Isang kuwento ang libro ni Jonas, pero marapat na ituring na propeta ang sumulat nito dahil maliwanag na nabigyang-diin niya rito ang ilang katotohanan na nalilimutan na ng kanyang mga kasamahan.

Pinupuna ng kawili-wiling salaysay na ito hindi ang mga dumidiyos sa iba o ang mga di makadiyos kundi ang mga relihiyosong Judio mismo na sa pagkakulong sa kanilang nasyonalismo ay madali nilang nalilimutan na ang Diyos ay Diyos ng lahat ng tao.

**Pinapunta ni Yawe si Jonas sa Ninive**

**1** • [1]Ang salita ni Yawe na dumating kay Jonas na anak ni Amittay:
[2]"Magpunta ka sa Malaking Siyudad, ang Ninive, at mangaral laban dito sapagkat umabot na sa akin ang kanyang kasamaan." [3]Ngunit umalis si Jonas para tumakas pa-Tarsis na malayo kay Yawe.

---

• **1.1** Ayaw sumunod ni Jonas sa tawag ni Yawe: dahil marahil sa hindi niya nararamdamang responsable siya sa kaligtasan ng kasuklam-suklam na mga Ninivetang iyon. Tulog siya habang sinisikap namang iligtas ng mga mandaragat na mababait na pagano ang barko (gayong hindi ito gawang may kinalaman sa relihiyon, nakatawag-pansin din ito sa relihiyosong si Jonas). Natutuwa siya sa pag-iisip sa parusang ipapataw ng Diyos sa mga paganong taga-Ninive. Inirereklamo niya ang pagkahabag ni Yawe sa mga taga-Ninive dahil sarili niyang reputasyon ang mapapasama rito.

Bumaba siya sa Joppe, at may nakita siya
roong barko na paalis papuntang Tarsis.
Nagbayad siya ng pasahe at sumakay
papuntang Tarsis para makalayo sa
mukha ni Yawe.
4 Ngunit nagpadala si Yawe ng isang
malakas na hangin sa dagat at bumagyo
nang napakalakas kayat nanganganib na
mawasak ang barko. 5 Natakot ang mga
mandaragat at tumawag ang bawat isa sa
kanya-kanyang diyos. At habang itinata-
pon nila sa dagat ang mga kargamento
para pagaanin ang barko, nagpunta na-
man si Jonas sa baba ng barko, at naka-
tulog nang mahimbing. 6 Nilapitan siya ng
kapitan at sinabi: "Paano mo nagagawang
matulog? Bumangon ka at tumawag sa
iyong Diyos! Baka alalahanin pa niya tayo
at hindi tayo mamatay."
7 At nag-usap-usap ang mga manda-
ragat: "Tayo, magpalabunutan tayo para
malaman kung sino ang maygawa ng ka-
pahamakang ito." Nagpalabunutan nga
sila at si Jonas ang nakabunot. 8 Kaya
sinabi nila sa kanya: "Dahil ikaw ang
sanhi ng disgrasya naming ito, sabihin mo
sa amin kung ano ka at tagasaan ka? Ano
ang lupain mo at ang iyong bayan?" 9 Si-
nabi niya sa kanila: "Hebreo ako at su-
masamba kay Yaweng Diyos ng Langit
na siyang maygawa sa dagat at lupa."
10 Lubha silang natakot at kanilang sinabi:
"Ano itong ginawa mo!" Dahil kasasabi
lamang niya sa kanila na tumatakas siya
kay Yawe.
11 Lalong nagngangalit ang dagat, kaya
sinabi nila sa kanya: "Ano ang gagawin
namin sa iyo para pakalmahin ang da-
gat?" 12 Sumagot siya: "Kunin ninyo ako
at ihagis sa dagat, at kakalma ang dagat.
Alam kong gawa ko kaya sumapit sa inyo
ang malakas na bagyong ito."
13 Gayunma'y lubos na sinikap ng mga
mandaragat na sumagwan papunta sa
pampang pero hindi nila magawa pagkat
lalo pang nagngalit ang dagat kaysa dati.
14 Kaya tumawag sila kay Yawe at sinabi
sa kanya: "O Yawe, huwag mo sana ka-
ming hayaang mamatay dahil sa taong
ito, ni ituring na kasalanan namin ang
pagkamatay niya, sapagkat ginagawa mo
ang lahat, Yawe, ayon sa iyong kagustu-
han."
15 At kinuha nila si Jonas at inihagis sa
dagat, at kumalma ang nagngangalit na
dagat. 16 Lubhang natakot ang mga tao
kay Yawe at buong-pitagang nag-alay sa
kanya at gumawa ng mga panata.

**Si Jonas sa tiyan ng isda**

**2** 1 Itinalaga naman ni Yawe na lunukin si
Jonas ng isang malaking isda. At tatlong
araw at tatlong gabi si Jonas sa tiyan ng isda.
2 *Mula sa tiyan ng isda, nanalangin si Jonas*
*kay Yaweng kanyang Diyos.*
*Sinabi niya:*
*"Tumawag ako kay Yawe sa aking kagipitan*
*at sumagot siya sa akin;*
*sumigaw ako mula sa lugar ng mga patay*
*at dininig mo ang aking tinig.*
3 *Inihagis mo ako sa kailalim-ilaliman,*
*sa pinakapusod ng dagat,*
*at nag-alimpuyo sa akin ang agos,*
*tinabunan ng lahat mong alon at ipuipo.*
5 *Kaya sinabi ko: Pinalayas ako sa iyong*
*harapan,*
*kaya hindi ko na makikita pa ang banal*
*mong Templo.*
6 *Sinakmal ako ng mga tubig hanggang leeg,*
*nilamon ng kalaliman,*
*balot ng mga damong-dagat ang aking ulo.*

---

Pinapatnubayan ng Diyos ang mundo ayon sa mas malawak at mapagbigay na pananaw. Dahil siya ang maylikha sa lahat, nararamdaman niyang responsable siya para sa lahat, at gusto niyang iligtas *ang mga tao at mga hayop* (4:11) nang hindi tinitingnan ang lahi o relihiyon. Ngunit kumakatawan naman si Jonas sa mga sumasampalataya na kahit na nakakakilala sa Diyos ay nananatili pa ring makitid ang diwa, may masamang kalooban at binabaligtad ang mabuting ginagawa ng mga taong walang relihiyon dahil natatakot sila na baka gumawa ng paghahambing ang mga tao, na di-maganda para sa mga Kristiyano.

Alam na alam ng mga Judio ang propetikong salaysay na ito. Dalawang beses itong binabanggit ni Jesus sa Ebanghelyo:

– Ang pagbabalik-loob ng mga taga-Ninive (Lc 11:30).

– Ang paghahambing sa tatlong araw na inilagi ni Jonas sa tiyan ng isda (Mt 12:40).

*7 Lumubog ako sa pinakaugat ng mga bun-*
*dok,*
*isinara sa likod ko ang mga trangka ng lupa*
*magpakailanman.*
*Ngunit iniahon mo akong buhay mula sa*
*hukay,*
*O Yaweng aking Diyos!*
*8 Nang nanlulupaypay na ang aking kalu-*
*luwa,*
*inalala mo ako, Yawe*
*at umabot sa iyo ang aking dalangin,*
*sa iyong banal na templo.*
*9 Lumalayo sa bukal ng biyaya*
*ang mga kumakapit sa mga diyus-diyusan.*
*10 Ngunit sa saliw ng awit ng pasasalamat,*
*mag-aalay ako sa iyo at tutuparin ang aking*
*mga panata.*
*Kay Yawe nagmumula ang kaligtasan."*
11 At inutusan ni Yawe ang isda, at iniluwa nito
si Jonas sa pampang.


**Ang pagbabagong-buhay ng Ninive**

**3** 1 Pangalawang beses na dumating
kay Jonas ang salita ni Yawe: 2 "Pu-
munta ka sa Malaking Siyudad, ang
Ninive, at ipahayag doon ang mensaheng
ibinibigay ko sa iyo." 3 Umalis si Jonas at
pumunta sa Ninive gaya ng iniutos sa
kanya ni Yawe.
Napakalaking siyudad ang Ninive, at
tatlong araw ang kailangan para lakarin
ito. 4 Kaya pumasok si Jonas sa siyudad
at maghapong naglakad at sinimulang
ipangaral: "Wawasakin ang Ninive sa loob
ng apatnapung araw."
5 Naniwala sa Diyos ang mga taga-
Ninive, at nagdeklara ng pag-aayuno at
nagdamit-sako silang lahat mula sa pi-
nakadakila hanggang sa pinakaaba.
6 Umabot ang balita sa hari ng Ninive,
at tumindig siya mula sa kanyang trono,
hinubad ang damit pangmaharlika at
nagsuot ng sako at naupo sa abo. 7 At
nagpalabas siya ng isang proklamasyon
sa buong Ninive: "Sa utos ng hari at ng
kanyang mga opisyal, walang tao o ha-
yop, tupahan o bakahan, na titikim ng
anuman, ni kakain o iinom. 8 Ngunit mag-
suot ng sako ang mga tao at mga hayop.
Matiyagang tumawag ang lahat sa Diyos,
lumayo sa masasama nilang gawi at
karahasan. 9 Sino ang may alam? Baka
maglubag pa ang Diyos at talikuran ang
nag-aapoy niyang galit sa pagkahabag sa
atin at di tayo malipol."
10 Nang makita ng Diyos ang kanilang
ginawa at ang pagtalikod nila sa masa-
sama nilang gawi, nagbago siya at ayaw
na niyang isagawa ang kanyang banta.

**Mahal ng Diyos ang lahat**

**4** 1 Ngunit labis itong ikinainis at ikina-
galit ni Jonas. 2 Nanalangin siya kay
Yawe: "O Yawe, di ba't ito ang sinabi ko
nang ako ay nasa amin pa? Kaya nga ba
ako agad tumakas pa-Tarsis. Kabisado
kong ikaw ay Diyos na maawain at may
magandang-loob, banayad sa pagkaga-
lit at puno ng kabutihan, laging handang
magpatawad.
3 O Yawe, kunin mo na ngayon ang
aking buhay. Mas gusto ko pang mama-
tay kaysa mabuhay."
4 Sumagot si Yawe: "Jonas, may kara-
patan ka ba para magalit nang ganito?"
5 Pero lumabas ng Ninive si Jonas at
tumigil sa isang lugar sa gawing silangan
ng siyudad. Gumawa siya roon ng masisi-
lungan at naupo sa lilim nito, at naghintay
para makita ang mangyayari sa siyudad.
6 Nagpasibol naman si Yaweng Diyos
ng isang halaman at pinatubo ito para
magbigay-lilim sa ulo ni Jonas. Kaya nag-
lubag ang galit nito. At labis na ikinatuwa
ni Jonas ang halaman.
7 Ngunit sa pagbubukanliwayway kina-
bukasan, nagpadala si Yawe ng isang uod
na sumira sa halaman at nalanta ito. 8 Pag-
sikat ng araw, pinaihip ni Yawe ang mainit
na hanging-silangan.
Nakapapaso ang init ng araw sa ulo ni
Jonas kayat nanlupaypay siya. Gusto na
niyang mamatay at sinabi niya: "Mabuti
pa'ng mamatay kaysa mabuhay."
9 Ngunit sinabi naman ng Diyos kay
Jonas: "May karapatan ka bang magalit

dahil sa halamang ito?" Sumagot si Jonas: "Oo, at sapat na ang galit ko para naising mamatay."
[10] Sumagot si Yawe: "Naliligalig ka dahil sa isang halaman na di mo naman pinagpaguran o pinatubo. Sumibol ito sa loob ng isang magdamag at namatay sa loob ng isang magdamag din.
[11] Ngunit may higit sa sandaa't dalawampung libong tao ang Ninive at hindi nila mapag-iba ang kanilang kanan sa kaliwa, at marami ring hayop. Hindi ba ako magmamalasakit sa malaking siyudad na ito?"



# MIKEAS

Kapanahon ni Isaias si Mikeas. Nagsalita siya tungkol sa parehong mga sitwasyon, pero madali pa ring paghambingin ang dalawa: tagabukid si Mikeas at may pinag-aralan naman at kilala si Isaias.

Taga-Moreset si Mikeas, isang nayon sa may hangganan ng kapatagan na dinaraanan ng lahat ng hukbo ng Asiria at Ehipto. Alam niya ang mga paghihirap at mga pagkawasak na hatid ng digmaan, pati ang pagsasamantala sa mga magbubukid. Isang araw, tinawag siya ng Diyos at binigyan ng *lakas, katarungan at tapang* para simulang ilantad at tuligsain ang mga kasalanan ng Israel. Nagsalita siya sa ngalan ng Diyos na walang sinumang nagmamahal, at buong dahas na inilantad at binatikos ang ginagawang mga pang-aapi sa lahat ng lugar.

Ilan sa mga salitang sinabi ni Mikeas para sa Israel na nalalapit na ang pagkawasak, ang binago paglipas ng ilang panahon para iayon sa kalagayan ng Jerusalem at ng kaharian ng Juda nang ang mga ito ay nahaharap din sa katulad na krisis.

**1** [1] Ito ang salita ni Yawe na dumating kay Mikeas ng Moreset sa panahon ng paghahari nina Yotam, Ahaz at Ezekias sa Juda – sa mga pangitain tungkol sa Samaria at Jerusalem.

**Laban sa Samaria at Jerusalem**

• [2] Makinig ang lahat ng bayan, makinig ang lupa at lahat ng naroon. Sumaksi nawa si Yaweng Panginoon laban sa inyo mula sa kanyang banal na templo.

[3] Dumarating nga si Yawe mula sa kanyang lugar, nananaog siya at nilalakad ang mga kaitaasan ng lupa.

[4] Sa kanyang paana'y natutunaw ang mga bundok at nabibiyak ang mga lambak, parang kandila sa apoy, parang tubig na umaagos sa libis.

[5] Dahil sa pagkakasala ni Jacob ang lahat ng ito, dahil sa kasalanan ng bayang Israel. Ano ang pagkakasala ni Jacob? Hindi ba ang Sama-

• **1**.2 Iiwan na ni Yawe ang Templo ng Jerusalem na kinaroroonan niya; tagung-tago kayat nakalimutan na siya ng lahat.

1:5: Ang unang kasalanan ng mga kaharian ng Israel at Juda ay nasa mga kapitolyo nila. Ang mga ito ang mga siyudad na lumamon sa mga bayan. Naroon ang mga nabubuhay sa pagsasamantala sa magbubukid at doon ginagawang maluluhong mga palasyo ng iilan ang mga yaman ng lupa.

Sapat nang tingnan natin ngayon ang mga kapitolyo ng ilang bansa para patunayan ang sinasabi ni Mikeas: ang yaman ng bayan ay inaaksaya lamang at inuubos